


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Ikalawang Markahan – Modyul 6: Rehistro at Barayti ng Wika



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 6: Rehistro at Barayti ng Wika  
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ana Maria L. Josue  
**Editor:** Fritz M. Bahilango  
**Tagasuri:** Ernesto C. Caberte, Jr., Leilanie E. Vizarra, Imelda H. Aglibot,  
Edryne A. Amon, Gian Carlo C. Villagrancia  
**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza  
**Tagalapat:** Jera Mae B. Cruzado, Julie Anne V. Vertudes  
**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go  
Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal  
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487  
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan – Modyul 6:  
Rehistro at Barayti ng Wika**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may pagdaraanang mga pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang matamo ang sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin.

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

Natutukoy ang iba't ibang rehistro at barayti ng wika na ginagamit sa iba't ibang sitwasyon (Halimbawa: medisina, abogasya, midya, *social media*, inhenyeriya, negosyo, at iba pa) sa pamamagitan ng pagtatala ng mga terminong ginamit sa mga larangang ito. **(F11WG-IIc-87)**

### **Layunin:**

- Natutukoy kung anong propesyon, gawain, o larangan ang nakatalang mga termino o *jargon*.
- Naikaklasipika ang mga salita ayon sa disiplina o larangang pinaggagamitan ng mga ito.
- Napahahalagahan ang barayti sa iba't ibang sitwasyon.



## Subukin

Panuto: Tukuyin kung anong *jargon* ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang titik ng piniling sagot sa iyong sagutang papel.

- Ito ay ginagamit sa mga transaksyon sa *cashier*.
  - lesson plan*
  - suspect*
  - pa-void*
  - x-ray*
- Ito ay terminong ginagamit ng mga may kaalaman sa musika.
  - sharp*
  - lesson plan*
  - earning*
  - justice*
- Ito ay ginagamit ng mga doktor, nars, o mga taong may kinalaman sa medisina.
  - checkup*
  - ctrl-alt-delete*
  - datung
  - konstitusyon
- Ang terminong ito ay ginagamit ng mga may kaalaman sa kompyuter.
  - Download*
  - jump shot*
  - sarbey*
  - travelling*
- Ito ay ginagamit ng mga may katungkulan at/o may mga *employer* sa isang tanggapan kung lumiliban nang matagal nang walang paalam.
  - AWOL
  - overtime*
  - sick leave*
  - undertime*
- Ang papel na hinahanap ng magdedeposito sa bangko.
  - deposit slip*
  - transmittal*
  - voucher*
  - withdrawal slip*
- Ginagamit ang wikang ito sa teknolohiya, ang sumisira sa dokumento.
  - Bacteria*
  - cancer*
  - paste*
  - virus*
- Dito pumupunta ang mga taong bumibili ng kagamitan sa pagkukumpuni sa bahay.
  - bakery*
  - drugstore*
  - hardware*
  - furniture shop*
- Salitang ginagamit sa kagamitan ng guro sa pagtuturo.
  - account record*
  - motorboat*
  - ledger*
  - lesson plan*

10. Isa ito sa mga salitang ginagamit pangkomunikasyon.
- a. *eggbeater*
  - b. *headphone*
  - c. *percussion drill*
  - d. *water meter*
11. Ang salitang madalas na marinig sa loob ng korte.
- a. bayarin
  - b. *blackboard*
  - c. kaso
  - d. kuryente
12. Tawag sa mga nagbabantay sa tindahan sa loob ng mall.
- a. *attendant*
  - b. *saleslady*
  - c. *usherette*
  - d. *waitress*
13. Kabisado nila ang mga batas dahil dito sila dalubhasa.
- a. abogado
  - b. doktor
  - c. inhinyero
  - d. pulis
14. Ito ang maisip kapag text messaging ang pag-uusapan.
- a. *cellphone*
  - b. pahayagan
  - c. radyo
  - d. *television*
15. Kadalasang sinasabi ng mangingisda kung siya ay papalaot sa dagat.
- a. magha-*hunting*
  - b. maglalagom
  - c. mamamalakaya
  - d. magsu-*shooting*

## Aralin

# 6

## Rehistro at Barayti ng Wika

Ang barayti ay pagkakaiba-iba sa uri ng wika na ginagamit ng mga tao sa bansa: bigkas, tono, uri, at anyo ng salita. Ang rehistro ay barayti na may kaugnay na panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag.



### **Balikan**

Panuto: Alamin kung sino ang nagpauso ng sikat na mga linyang nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Hindi namin kayo tatantanan! - \_\_\_\_\_
2. Todo na to! *To the highest level* na talaga ito! - \_\_\_\_\_
3. Aha, ha, ha! Nakakaloka! Okey! Darla! - \_\_\_\_\_
4. *Confidently beautiful with a heart!*- \_\_\_\_\_
5. Kaibigan, tara usap tayo! - \_\_\_\_\_

Gamit ang iba pang halimbawa, sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa espasyong nasa ibaba ng bawat tanong.

1. Bakit may mga taong gumagaya o pinipiling *i-spoof* ang sikat na mga linya ng mga artista o personalidad?

---

---

---

2. Alin sa mga katangian nito ang nagugustuhan ng mga tao lalo na ng kabataan?

---

---

---





### **Mga Tala para sa Guro**

Pagkatapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul



## **Tuklasin**

Ang wika ay bahagi ng kultura at kasaysayan ng bawat lugar. Ito rin ay simbolismo tungo sa pagkakakilanlan ng bawat indibidwal. Sa pamamagitan ng wika ay nailalabas o naipapahayag natin ang ating mga emosyon at saloobin, masaya man o malungkot. Ginagawa natin ito sa pamamaraan ng pagsusulat, pakikipagtalastasan, at iba pa.

ang ating wika ay may iba't ibang barayti. Ito ay sanhi ng pagkakaiba ng uri ng lipunan na ating ginagalawan, heograpiya, antas ng edukasyon, okupasyon, edad at kasarian, at uri ng pangkat-etniko na ating kinabibilangan. Dahil sa pagkakaroon ng heterogeneous na wika, tayo ay nagkaroon ng iba't ibang baryasyon nito, at dito nag-ugat ang mga barayti ng wika, ayon sa pagkakaiba ng mga indibidwal.

**Dayalek** - Ito ang salitang gamit ng mga tao ayon sa partikular na rehiyon o lalawigan na kanilang kinabibilangan.

Halimbawa:

Tagalog = Bakit?	Ilocos = Bakit ngay?
Batangas = Bakit ga?	Pangasinan = Bakit ei?
Bataan = Baki ah?	

**Idyolek** - Bawat indibidwal ay may sariling estilo ng pamamahayag at pananalita na naiiba sa bawat isa. Gaya ng pagkakaroon ng personal na paggamit ng wika na nagsisilbing simbolismo o tatak ng kanilang pagkatao.

Halimbawa:

“Kabayan” – Noli De Castro

“Magandang Gabi, Bayan!” – Mike Enriquez

“*To the highest level* na talaga to!” – Ruffa Mae Quinto

**Sosyolek**- Minsan ay tinatawag na “sosyalek”. Ito ay pansamantalang barayti lamang. Ito ay uri ng wika na ginagamit ng isang partikular na grupo. Ang mga salitang ito ay may kinalaman sa katayuang sosyo ekonomiko at kasarian ng indibidwal na gumagamit ng mga naturang salita.

Halimbawa:

Repapips, ala na ako datung eh! (Pare, wala na akong pera!)

*My God!* It's so mainit naman dito! (Naku, ang init naman dito!)

*Let's make* kain na! (Kumain na tayo!)

**Etnolek** - Isang uri ng barayti ng wika na nadebelop mula sa salita ng mga etnolonggwistang grupo. Dahil sa pagkakaroon ng maraming pangkat etniko, sumibol ang ibat ibang uri ng etnolek. Taglay nito ang mga wikang naging bahagi nang pagkakakilanlan ng bawat pangkat etniko.

Halimbawa:

Vakul – tumutukoy sa mga gamit ng mga Ivatan na pantakip sa kanilang ulo tuwing panahon ng tag-init at tag-ulan

Bulanim – salitang naglalarawan sa pagkahugis buo ng buwan

Laylaydek Sika – Salitang “iniirog kita” ng mga grupo ng

Kankanaey ng Mountain Province

**Register** - Minsan sinusulat na “rejister” at ito ay barayti ng wikang espesyalisadong ginagamit ng isang partikular na domeyn. Ito ay may tatlong uri ng dimensyon.

Natutukoy ang iba’t ibang *register* at barayti ng wika sa mga terminong may kaugnayan sa mga trabaho o iba’t ibang hanapbuhay o larangan. Kapag narinig ang terminong ito ay matutukoy o masasabi ang larangan o sitwasyong karaniwang ginagamit ng mga ito.

Ang mga abogado o taong nagtatrabaho sa korte ay maipakikilala tulad ng sumusunod na *jargon: exhibit, suspect, appeal, court, justice complainant*, atbp.

Ang mga guro o mga taong konektado sa edukasyon ay maipakikilala ng mga salitang *lesson plan, curriculum, test, textbook*, atbp.

Ito naman ang mga *jargon* sa disiplinang *Accountancy: account, debit, balance, credit, net income, gross income*, atbp.

Ayon kay Marietta Alagad-Abad, ang barayti ng wika ay tumutukoy sa uri o klase ng wikang ginagamit sa isang partikular na teksto o diskors. Nakikita mo ang kaibahan ng isang teksto sa isa pang teksto dahil sa uri ng wikang ginagamit sa nasabing teksto. Ang uri ng teksto ay dumedepende sa uri o barayti ng wikang ginagamit sa teksto. Samakatuwid, ang tekstong panghumanidades ay gumagamit ng wikang masining; ang tekstong pang-agham ay gumagamit ng wikang sayantipik; ang tekstong pang-agham panlipunan ay gumagamit ng wikang pansosyal.

Ang barayti ng wika ay naaayon din sa antas nito kaya mayroon tayong wikang pambansa, wikang opisyal, wikang lalawiganin, wikang kolokyal o karaniwan, at wikang islang o balbal.

Ang wika ay maaari ring uriin ayon sa propesyon o disiplina tulad ng wikang medikal, wikang pambisnis, wikang akademik, at wikang teknikal. Maaari namang makilala ang barayti ng wika ayon sa mga institusyong gumagamit nito tulad ng wikang pampaaralan, wikang pansimbahan, wikang pampamahalaan, atbp. Sa ngayon, mayroon ding tinatawag na wika ng beki at wika ng lasing.

(<https://takdangaralin.ph/barayti-ng-wika/> at Retorika (Filipino III)




## ***Suriin***

Kung minsan, ang mga *jargon* ng isang larangan ay may kakaibang kahulugan sa karaniwan o sa ibang larangan.

Pansinin ang sumusunod na mga salita na may magkaibang kahulugan o rehistro sa larangang nasa ibaba:

<i>accent</i>	<i>language, interior design</i>
<i>bread</i>	tinapay, pera
<i>mouse</i>	<i>computer, zoology</i>
<i>strike</i>	<i>sports, labor, law</i>
<i>race</i>	<i>sports, sociology</i>
<i>operation</i>	<i>medicine, military</i>
<i>virus</i>	<i>bacteria, computer</i>
<i>stress</i>	<i>language, psychology</i>
<i>hardware</i>	<i>business, computer</i>
<i>nursery</i>	<i>agriculture, education</i>
<i>note</i>	<i>music, banking</i>
<i>server</i>	<i>Computer, restaurant management</i>



## Pagyamanin

Subukin natin ang mga naunawaan mo sa ating aralin. Basahin maigi ang panuto at ibigay ang lahat nang natutuhan mo sa tinalakay na mga aralin.

Panuto: Ilista mo ang mga salitang nararapat mapasailalim sa sumusunod na mga barayti sa loob ng kahon. Isulat mo ang mga sagot sa sagutang papel.

konstitusyon	syota	adyao
Okey, Darla!	dyowa	datung
kalamansi	kalamyas	aklat
sintones	danum	kumusta
<i>appeal</i>	gurang	<i>printer</i>
lespu	may sayad	ngipen
masaya	mithiin	bag-ang
matam-is	kabihasnan	alinlangan
mabanas	toma	Kabayan!
maalinsangan	wasto	dyip
tingni	gab-i	masining
atik	samlang	tig-ang
utol	<i>lesson plan</i>	Walang himala!
sosi	talumpati	bingkong
pang-al	tambay	tsugi
Aha, ha, ha! Nakaloloka!	handog	Handa na ba kayo?

Idyolek	Sosyolek	Etnolek	Rehistro
1.	1.	1.	1.
2.	2.	2.	2.
3.	3.	3.	3.
4.	4.	4.	4.
5.	5.	5.	5.

Sanggunian: Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School, Cid Alcaraz, et.al.



## Isaisip

Nagagawa mo nang tukuyin ang mga salita sa larangang kinabibilangan nito. Upang lubusan mong matandaan, may ilan pang tanong na iyong tutugunan para sa higit pang kasanayan.

Panuto: Suriin ang mga pahayag na nasa loob ng kahon at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Tagapagsalita	Pahayag
1. Vice Ganda	May nag-txt! <i>Party! Party!</i>
2. Korina Sanchez	Handa ka na ba?
3. Conyo	<i>Please do not leave "tabo" on the floor. Only kolehiyalas make tusok the fishballs.</i>
4. Jejemon	R u goin' 2 c me 2day? "eEW h koOYAh! mZtah PowH KaYoWz"
5. <i>Gay lingo</i> o salitang beki	Purita kalaw Julie Andrews

1. Kung ang mga pahayag na nasa itaas ay madalas mong marinig at paminsan-minsan ay nakasanayan mong gamitin, paano ito makaaapekto sa iyo bilang isang mag-aaral sa loob ng klase?

---

---


---

2. Ano-ano ang maaari mong gawin upang malinang nang maayos at mapanatili ang paggamit ng iba't ibang barayti ng wika?

---

---

---



## **Isagawa**

Sa antas mo ngayon, siguradong marami ka nang alam na salita mula sa mga naririnig mo sa iba't ibang taong nakakasalamuha mo sa araw-araw at sa mga salitang nababasa mo sa *social media*. Sa gawaing ito, ibigay mo ang iyong nalalaman.

Panuto: Magtala ng isang salita ayon sa larangang kinabibilangan nito. Ibigay ang kahulugan ng salita.

1. Empleyado ng bangko

Salita: \_\_\_\_\_

Kahulugan: \_\_\_\_\_

2. Istambay sa kanto

Salita: \_\_\_\_\_

Kahulugan: \_\_\_\_\_

3. Tindera sa palengke

Salita: \_\_\_\_\_

Kahulugan: \_\_\_\_\_

4. Abogado sa korte

Salita: \_\_\_\_\_

Kahulugan: \_\_\_\_\_

5. Guro sa paaralan

Salita: \_\_\_\_\_

Kahulugan: \_\_\_\_\_



## Tayahin


Mahusay! Narito ka na sa pagtatapos ng modyul. Sagutan mo nang buong giting ang sumusunod na mga tanong sa papel. Basahing mabuti ang panuto at magpatuloy ka...

Panuto: Tukuyin mo kung anong *jargon* ang mga salitang may salungguhit. Isulat ang titik ng piniling sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang salitang ginamit at pinauso na gay lingo?
  - a. *rolling pin*
  - b. *objection*
  - c. *awra*
  - d. *like*
2. Alin sa sumusunod na salita ang ginagamit ng mga beauty queen?
  - a. *confidently beautiful*
  - b. *rolling pin*
  - c. *Facebook*
  - d. *essay*
3. Ano ang terminong madalas na ginagamit ng mga doktor at nars?
  - a. *test paper*
  - b. *diagnosis*
  - c. *credit*
  - d. *menu*
4. Ano ang terminong ginagamit ng mga fashion model?
  - a. *blueprint*
  - b. *beverage*
  - c. *runway*
  - d. *ball*
5. Ano ang salitang ginagamit ng mga mahilig sa kompyuter?
  - a. *blackbord*
  - b. *software*
  - c. *I object!*
  - d. *coach*
6. Ano ang tawag ng mga mangingisda sa kanilang sasakyang pandagat?
  - a. *balsa*
  - b. *basing*
  - c. *motorboat*
  - d. *yacht*
7. Ano ang salitang ginagamit sa pagtukoy sa kulungan ng mga kabayo?
  - a. *akwaryum*
  - b. *baklad*
  - c. *kural*
  - d. *kuwadra*
8. Aling papel sa bangko ang dapat sulatan ng taong gustong kumuha ng pera sa kanyang *bankbook*?
  - a. *checking account*
  - b. *deposit slip*
  - c. *transcript*
  - d. *withdrawal slip*

9. Alin ang nasa isip ng mag-aaral kung hahanapin niya ang guro sa paaralan?
- a. *accounting room*
  - b. *courtroom*
  - c. *faculty room*
  - d. *showroom*
10. Kanino dapat ibigay ng guwardya ang lesson plan na naiwan sa gate ng paaralan?
- a. *bookkeeper*
  - b. *clerk*
  - c. *guro*
  - d. *mag-aaral*
11. Ano ang salitang ginagamit ng mga magsasaka sa pagbubungkal ng lupa?
- a. *Araro*
  - b. *palakaya*
  - c. *panday*
  - d. *semento*
12. Alin sa sumusunod ang salitang ginagamit sa lugar na pinagkukulungan ng mga isda sa laot?
- a. *baklad*
  - b. *balsa*
  - c. *kural*
  - d. *hardin*
13. Anong salita ang ginagamit kung gustong burahin ang dokumentong ginawa sa computer?
- a. *defrag*
  - b. *delete*
  - c. *garbage*
  - d. *read*
14. Sino ang hahanapin ng kostumer sa restoran para um-order ng pagkain?
- a. *bookkeeper*
  - b. *manager*
  - c. *saleslady*
  - d. *waiter*
15. Ano ang salitang karaniwang maririnig sa loob ng ospital?
- a. *blood pressure*
  - b. *gasoline*
  - c. *silbato*
  - d. *water meter*






## ***Karagdagang Gawain***

Binabati ka namin dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul. Dahil diyan, gusto naming maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na kung ano nga ba ang madalas na maririnig na salita sa iba't ibang lugar batay sa iba't ibang sitwasyon.

Pagtibayin natin ang iyong natutuhan sa gawaing ito.

Magtala ka ng limang (5) salita mula sa barayti ng wika at limang (5) rehistro ng wika. Tukuyin kung anong larangan kabilang ang salitang itinala. Kopyahin ang talahanayang ito sa sagutang papel.

<b>Salita mula sa Barayti ng Wika</b>	<b>Larangan</b>	<b>Salita mula sa Rehistro ng Wika</b>	<b>Larangan</b>
1.		1.	
2.		2.	
3.		3.	
4.		4.	
5.		5.	



## Susi sa Pagwawasto

1. C 2. A 3. B 4. C 5. B 6. B 7. D 8. D 9. C 10. C 11. A 12. A 13. B 14. D 15. A	<b>Tayahin</b>	1. Okey, Darlat! 2. Aha, ha, ha! Nakalolokai! 3. Kabayani! 4. Walang himala! 5. Handa na ba kayo?	<b>Sosyolek</b>	1. adyao 2. ngipen 3. bag-ang 4. mabanas 5. pag-al	<b>Etnolek</b>	1. konstusyon 2. appeal 3. lesson plan 4. aklat 5. printer	<b>Idyolek</b>	1. C 2. A 3. A 4. A 5. A 6. A 7. D 8. C 9. D 10. B 11. C 12. B 13. A 14. A 15. C	<b>Subukin</b>	1. Okey, Darlat! 2. Aha, ha, ha! Nakalolokai! 3. Kabayani! 4. Walang himala! 5. Handa na ba kayo?	<b>Idyolek</b>	1. syota 2. dyowa 3. gurang 4. toma 5. may sayad	<b>Sosyolek</b>	1. adyao 2. ngipen 3. bag-ang 4. mabanas 5. pag-al	<b>Etnolek</b>	1. konstusyon 2. appeal 3. lesson plan 4. aklat 5. printer	<b>Rehistro</b>
--	----------------	---	-----------------	--	----------------	--	----------------	--	----------------	---	----------------	--	-----------------	--	----------------	--	-----------------

## Sanggunian

Alcaraz, Cid, etal. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*, Cubao, Quezon City: Education Resource Corporation.

Pena, Esterlla L., etal. 2017. *Kanlungan 11A Komunikasyon sa Wika at Kulturang Pilipino*, Ermita, Manila: Elp Campus Journal Printing.

(<https://takdangaralin.ph/barayti-ng-wika/> at Retorika (Filipino III))

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)